


*Samahang Imigranteng Pilipino sa Andorra*

August-September 2009 ISSUE No. 03

# Pakikiramay sa Pangulong Cory Aquino bumuhos sa Philippine Embassies at mga consulado



Bumuhos ang pakikiramay mula sa mga banyagang kaibigan at mga miyembro ng mga Filipino community para sa mga mahal sa buhay at pamilya ng yumaong si Pangulong Corazon Aquino, ayun sa ulat ng iba't ibang embahada ng Pilipinas at mga consulates general. Personal namang nakiramay ang ibat-ibang lider ng mga bansa sa Aquino family. Maraming bansa ang naglagay sa half-mast ng watawat ng Pilipinas bilang pagpupugay sa ina ng demokrasya ng Pilipinas at nagpahatid ng mensahe ng pakikiramay.Dito naman sa atin, napag-alaman sa Philippine Consul general sa Barcelona na si Eduardo de Vega na binuksan ng mga consular office ang mga Book of Condolence para sa mga miyembro ng diplomatic corps. Napag alaman din na nagkaroon ng mga especial na pagtatampok para kay dating pangulong Cory Aquino ang mga filcom sa Europa. Sizeable crowds have trooped to various Philippine Embassies and consulates general to pay respect to well-loved Cory ayon pa sa opisyal.

IN THIS ISSUE:

Co-Princep ng Andorra- Mons. Joan Enric Vives Nakiramay sa mga Pinoy.

º FILAND President-Bong Canlas sumulat sa Consulado bilang pakikiramay ng komunidad Pilipino sa Andorra.

º Mga Pilipino sa Andorra – nag alay ng misa para kay pangulong Cory.

º Tulong sa mga naulila-lumalaki.



The Co-Princep and Head of state of the Principality of Andorra have joined the Filipino people in mourning the passing of former Phil. President Corazón Aquino. In his message; Monsignor Joan Enric Vives, Bishop of Urgell & Co-princep of Andorra, said: "I join the Filipino people in their grief over the passing of Her Excellency, Madame Cory Aquino, who was such a generous person to her nation,
And a bearer of peace and democracy. My sincere condolence and prayers for President Aquino. May she be in heaven."



## Dear Members!

I believe President Cory is the most loved Filipino in the entire history of the Philippines. Our country is so blessed having Pres. Cory Aquino who has devoted her life to serve her countrymen with good leadership. Paalam, kagalang-galang, Presidente Cory Aquino..and thank you for being the gift of freedom and unity…for ever in death, you are able to change all to unite. How I wish that our leaders of today will look on your example and learn to serve without reservation and with untainted hands that you had served the Filipino people. Again, maraming salamat po. Paalam….

Joel Lanzanas
Presidential Assistance for Community Development



## BONG CANLAS NAG-PADALA NG CONDOLENCE LETTER



Agad nagpadala ng sulat ng pakikiramay sa consulado ng Pilipinas sa Barcelona si Bong Canlas, presidente ng samahang FILAND makaraang mapag alaman ang pagkamatay ng dating presidente Corazòn Aquino. Sinabi pa ni Canlas na hindi malilimutan ng bawat Pilipino ang kahanga-hangang ginawa ng Pangulong Cory Aquino sa lahat ng imigranteng Pilipino sa buong mundo, tunay siyang idolo. “We may lost our leader, but we have gained from President Cory Aquino the spirit of courage and hope that will continue till time will be no more”, Bong Canlas added.
Agad namang itong kinumpirmang natanggap ng Philippine Consul General Eduardo De Vega ayon sa FILAND.

## NAKIRAMAY MGA DIPLOMATIC CORPS

Dito sa Andorra, sa pagbubukas ng Book of Condolence ng Philippine Honorary Consul na si Peter Holbach, ipinaabot ng iba’t ibang pinuno ng bansa at mga kinatawan ang kanilang pakikiramay sa dating Pangulong Cory Aquino. Tulad ng mga pilipino, labis din silang nahihinayang sa pagkawala ng dating pangulo. Ayon pa rin kay ginoong Holbach, “isang karangalan para sa mga Pilipino ang mga suporta ng buong mundo and all of them have expressed their admiration to the late President. And this is very touching, because they came from different countries”.



Makikita sa larawan si Angelica Turroni, Honorary Consul ng Italia sa Andorra na lumagda sa Book of Condolence. Kasama sa paglagda ang mga Honorary Consul ng Chile sa Andorra, Honorary Consul ng Ukraine sa Andorra, Honorary Consul ng Switzerland sa Andorra, Honorary Consul ng UK sa Andorra, Honorary Consul ng Germany sa Andorra at ang mga imigran-teng pilipino na naninirahan sa Andorra.



## MISA PARA KAY PRESIDENTE CORY

Patuloy pa rin ang pakikiramay ng mga pinoy sa pagpanaw ng dating pangulong Aquino dito sa Andorra. Muling nag pugay ang mga pilipino kay President Cory sa pamamagitan ng isang misa. Ginanap ang misa sa San Esteve church sa Andorra la Vella. Maging ang CoPrincep at Head of State ng principalidad ng Andorra na si Mons. Joan Enric Vives ay saludo kay president Cory dahil sa pinakita nitong kadakilaan sa bansang Pilipinas.

Ang nasabing misa ay tinampukan ng ilang matataas na opisyal ng bayan tulad nina kagalang-galang ginoong Javier Espot, Minister of Foriegn affairs ng bansa, ginang Eva Descàrrega, Directora ng kaganapang panglabas at relasyong institutional ng bansang Andorra, Philippine Hon.Consul Peter Holbach, FILAND Pres. Bong Canlas, Fredie Lacaste at ilang kilalang personalidad. Ang misa ay sa salitang Castelyano at Tagalog, ang pambansang salita ng Pilipinas na pinangasiwaan nina Mons. Ramon Sàrries ng Parokya ng San Esteve at Mons. Ignassi Navarri, Secretario General at Canceller ng Bisbat ng Urgell. Para sa mga Pilipino dito sa Andorra, mananatiling buhay sa ala-ala ang kabayanihang ng pangulong Cory Aquino.





## ISANG PANGARAP



**I**sang miyembro ang pinagmalaki ng samahang FILAND nitong nakaraan. Siya ay walang iba kundi si Donnalyn Ganal Alcala. Isang batang-batang abogada at anak ni Bokal Avelino Alcala at Florencia Ganal. Nag dalubhasa at nagtapos ng Abogasia sa Unibersidad ng Barcelona, Napili bilang representante ng UB-United Nation para sa España noong Abril 2008.Tumanggap ng award sa isang debate international na dinaluhan ng Parlamentario Europeo na ginanap sa Quebec, Canada noong Agusto 2008. Participante ng UN-European Conference tungkol sa Human Rights na ginanap sa Barcelona, Spain nitong Mayo 2009. Kinatawan ng UB sa Berlin, Alemaña para sa isang Euro-Parlament International Conference na dinaluhan ng mga bansang kaanib ng United Nations August 8-18 2009. Kasalukuyang nasa Ottawa, Canada para sa master sa relasyong institucional. Ito ay isa lamang sa mga pangarap ni Donna na di niya akalaing darating sa Kunyang buhay. Isang malaking karangalan para sa Kunyang pamilya at mga nakaka-kilala. Harinawa'y maging inspirasyon para sa mga kabataang pilipino para magsikap sila sa pag-aaral dahil kabataan ang pag asa ng bayan. Isa ring karangalan nating mga magulang na sa pag sisikap natin ay natupad din ang mga pangarap natin sa ating mga anak..**Bp**



**K**apansin-pansin ang malaking pagtulong ng Filipino community sa mga na-uulila dito sa Andorra.Pinag ibayong muli ni FILAND Pres.Bong Canlas ang Operation Abuloy. Makikita sa larawan ang isa sa pamilyang tumatanggap ng tulong mula sa mga opisyales ng FILAND.

Mr. Miguel Frando….April 10, 2009 …………€ 1,010.00 euros
Mrs. Leticia Jaen…….May 21, 2009……………1,685.00 euros
Mr. Dominador Tabangkay ..May 16, 2009 …….. 875.00 euros
Mrs. Rosario Ocampo …..June 8, 2009 ………… 665.00 euros
Mr. Herminio Paet……….July 23, 2009……..…1,391.00 euros

## JOKE TIME




Question and Answer portion during the 2009 Miss Philippine Tourism pageant
Manila Hotel

Host: If you had a foreigner friend, where will you bring him to showcase the beauty of the Philippines?
Contestant: Bocaue.
Host: Bocaue? Why Bocaue? There are so many other nice places in the Philippines like Boracay, Palawan…
Contestant: Because it's magnificent place.
Host: Which part of Bacaue?
Contestant: Sir, The Bocaue Rice Terraces.

Host: What is your best feature?
Contestant: My graduation picture and also my baby picture.

Host.: What is your favorite motto?
Contestant: "If others can't, why cant I".

Host: What would you like to say to Foreigners?
Contestant: Please come back or you shall return.

Host: What is your typical day?
Contestant: I think Saturday po!

Host: If you were to describe the color blue to a blind person, how would you do it?
Contestant: That is a very good and easy question but is hard to answer. He.he
Host: What is your edge over the other Contestants?
Contestant: My edge? I'm 21 years old Sir!
Host: What, in your opinion, is the ideal age for marriage?
Contestant: Thirty-five.
Host: Why thirty-five?
Contestant: Because you are old enough not to make any mistakes.
Host: How do you see yourself 10 years from now?
Contestant: I am now 18, plus 10…I'll be 21!

Note: Contestants who answered these questions Above were eliminated from the pageant.
* Ernie thank you *

## FILAND Personality



**I**sang mapag mahal na ina, Isang masipag na secretaria. Mula sa Laoag, Ilocos Norte. Nagtapos ng BS Commerce - banking & Finace mula sa Divine World University. Siya si Executive secretary Thelma Felipe. Ayon pa sa kanya "Nakakatuwa ang bagong samahan ng Pinoy community ngayon dito sa atin, atleast open at pinapakinggan every member. We have reached to the point na lahat masaya at nagkaka-salo-salo parati. More than proud to be a part of FILAND. Marami na tayong mga accomplishments mula nag bago ng pamunuan. Mayroon na tayong sariling local kung saan idinaraos ang ating monthly regular meetings.We are fully recognized by the Andorran government kung saan nagkikipag-ugnayan sila sa atin at gayon din tayo sa kanila. We have successfully created the sports program for the community where FILAND will be sending delegates to Ambassadors Cup this coming month. Naisakatuparan natin ang muling pag celebrate ng Philippine Independence Day dito sa Andorra mula nang mapatigil ito noong 1997 at ang pag sali ng FILAND sa imbitasyon ng UNESCO cultural presentation sa October. At least nabibisita na rin tayo ng ilang miyembro na matagal nang hindi nagkakaroon ng pagkakataon maka attend ng ating mga meeting. Kaya sa pagkakataong ito gusto kong pasalamatan ang mga kasamahan nating walang sawang tumutulong ng tapat sa FILAND," pahayag pa niya.**Bp**

## VISA SCAM



**N**ag babala ang embahada ng Pilipinas sa UK laban sa grupo nang e-enganyo ng mga nurse na nais mag trabaho sa Englatera. Hindi daw dapat patulan ito dahil hindi basta-basta makakapasok ang nurses doon lalo na ngayong mahigpit ang patakaran. Ang babala ay ginawa pagkatapos inalerto ng dalawang pinoy nurses na pumasok bilang estudyante na sila man ay nabiktima at naging carer sa halip na nurses. Ayon pa sa dalawa, pinangakuan sila ng agency sa Pilipinas na pagkatapos ng dalawang buwan na pag-aaral ay bibigyan ng eskwelahan ng full-time work sila. Pero ang full time work ay di uubra sa batas ng UK dapat kasi di lalampas sa 20 hours a week ang student visa holder ayon pa sa mga autoridad. Nakipag-ugnayan na ang embahada para tutukan ang kasong ito. Ayon pa kay Maria Theresa De Vega, Phil. Consul general, Philippine embassy sa UK,"Dapat din ipa-abot sa mga autoridad para ma-monitor at makita nila kung saan maaring hindi na-implement ng tama ang mga regulation dito sa UK"**Bp**




**facebuko.com**

## BATAS NA MAGBIBIGAY REGULARISASYON SA DH AT CAREGIVERS

**B**uong pag-asa ng mga undocumented domestic workers at caregivers sa bansang Italia na tuluyang nang matapos ang kanilang paghihirap. Ipatutupad na kasi simula Septebre 1 2009 ang batas na magbibigay ng regularisasyon sa lahat ng illegal na domestic workers at caregivers. Malaki pa rin ang demand sa Italia kahit na sa susunod na 10 taon. Kaya lang dapat dumaan sa direct hire ang mga bagong aplikante na galing Pilipinas. Nagsimula na kasing tumanggap ng application ang gobierno Italiano. Sagot ng employer ang halagang 500€ o 34.000 pisong registration fee. Ito ang magbibigay daan para ang mga undocumented OFW ay manatili sa Italy. Kaya sabi pa ng mga autoridad na dapat lang maging legal ang pagpunta sa bansang ito sa dahilang very risky at talagang mahigpit ang bansang ito sa mga illegal. Ganoon din ang mga employer kung saan hindi tumatanggap ng mga OFW na walang papeles sa dahilang sila ang pinag mumulta ng gobierno Italiano. May 200,000 Pilipino sa Italia at 7 hanggang 9 libo ang nasa Roma. Kung sinumang Pilipino ang gustong pumunta ng Italia, dapat lamang dumaan sa wastong proseso ang mga interesante ayon pa sa mga autoridad. Pinag iingat naman ang mga Pilipino sa mga mag sasamantala sa mga gusto magtungo sa Italia, ito amg pinahayag sa Balitang Pinoy.



**FOTO CLICK**
**Cast ng FILAND Doña Barbara**